

RentSafeTO:

Pamantayang Programa para sa Gusaling Apartment

RentSafeTO: Ang Pamantayan sa Gusaling Apartment ay isang programang ipinatutupad ng batas na nagtitiyak na ang mga may-ari at mga nagpapatakbo ng mga gusaling apartment sa Toronto ay nakatutugon sa mga pamantayan ng pamamahala sa gusali.

Ang programa ay nalalapat sa mga paupahang ari-arian na may tatlo o higit pang mga palapag at 10 o higit pang mga yunit. Hindi ito nalalapat sa mga kondominyum at mga tirahan na pribadong pag-aari. Upang makita kung ang iyong gusali ay nakarehistro sa programa, bisitahin ang toronto.ca/RentSafeTO.

Sa ilalim ng RentSafeTO, ang mga may-ari at nagpapatakbo ng gusali ay dapat:

- irehistro ang kanilang mga gusali sa Lungsod, pagkatapos ay muling panumbalikan taun-taon
- magkaroon ng proseso para sa pagsubaybay at pagtugon sa mga kahilingang serbisyo ng nangungupahan
- magsagawa ng regular na mga inspeksiyon sa mga karaniwang lugar para sa kalinisan at mga peste
- magkaroon ng mga plano para sa pagpapanatili, basura, paglilinis, at pagkagambala sa mga mahahalagang serbisyo gaya ng tubig, init at kuryente
- abisuhan ang mga nangungupahan ng mga pagkagambala sa serbisyo
- sumailalim sa mga rutinang pagsusuri ng gusali
- sumunod sa lahat ng mga naaangkop na batas ng Lungsod

Maaaring magsagawa ng pagpapatupad kung hindi sumusunod ang mga may-ari at mga tagapagpatakbo sa mga batas ng Lungsod.

Mga Pagsusuri ng Gusali

Sinusuri ng Lungsod ang lahat ng mga gusali ng apartment na nakarehistro sa RentSafeTO. Sa prosesong ito, sinisiyasat at sinusuri ng mga tauhan ang kalagayan ng karaniwang mga lugar, mekanikal at pang-seguridad na mga sistema, paradahan at panlabas na mga lugar.

I-scan ang QR code para makahanap ng mga marka sa pagsusuri ng gusali



Paano ko maaayos ang problema sa aking inuupahan na yunit?

Kung may isyu ka sa iyong yunit o sa mga karaniwang lugar sa iyong gusali, makipag-ugnayan muna sa may-ari/tagapagpatakbo ng iyong gusali at magsumite ng isang kahilingan sa serbisyo. Maaaring kabilang sa mga halimbawa ng mga problema ang mga sirang bintana at mga pinto, mababa o walang init at mga peste.

Magtago ng isang kopya ng hiling ng serbisyo para sa iyong mga rekord.

Kailangan din ng mga may-ari ng gusali na subaybayan ang mga kahilingan sa serbisyo ng nangungupahan.



Gaano katagal aabutin para ayusin ang problema?

Ang mga may-ari ng gusali/tagapagpatakbo ay dapat tumugon sa mga agarang kahilingan sa loob ng 24 na oras. Apurahan ang mga kahilingan kung ang mga ito ay may kaugnayan sa pagkasira ng mga mahahalagang serbisyo:

- kuryente
- init
- paglabag sa seguridad ng gusali
- panlabas na mga panganib
- gas
- tubig

Dapat tugunan ang mga di-kagyat na kahilingan sa loob ng pitong araw. Kabilang sa mga halimbawa ang kaunting pinsala sa tubig o mga bagay na maaaring masira na gaya ng mga kabinet o baldosa.

Hindi pa rin natugunan ang isyu?

Kung walang pagkilos mula sa iyong may-ari o kung magpatuloy ang mga problema, makipag-ugnayan sa 311 para sa RentSafeTO team.

Kapag naihain na sa 311 ang kahilingan sa serbisyo, magsasagawa ng imbestigasyon ang mga kawani ng Lunsod at gagawa ng angkop na hakbang.

Maaari mong tingnan ang katayuan ng iyong hiling gamit ang reference number na ibinigay sa iyo ng 311 sa toronto.ca/311.